

Myeloma is a cancer of the plasma cells found in the bone marrow. Abnormal plasma cells grow continuously and form a tumor in the bone marrow.

Diagnosing Myeloma

- Blood and urine tests are done to look for a protein that is made by myeloma cells.
- Bone marrow biopsy and aspiration are performed, which involves removing tissue from the hipbone to look for myeloma cells.
- Imaging tests, including x-rays, computed tomography (CT), magnetic resonance imaging (MRI) and positron emission tomography (PET) are performed to identify thinning, holes or fractures of the bones.

Patients with myeloma are treated by specialized doctors called hematologist-oncologists that understand cancer and the blood. Some hematologist-oncologists specialize in myeloma. You should consider getting a second opinion from another hematologist-oncologist to be sure the diagnosis is correct and you receive the right treatment.

Myeloma Treatment

There are many treatment options for myeloma. The goals of treatment are to slow the growth of the myeloma cells and to relieve symptoms of bone pain, fatigue or other problems. The treatment a patient gets depends on the type and stage of myeloma and the patient's age and overall health. Myeloma treatment may include:

- **Watch and Wait.** Doctors monitor the patient but do not begin treatment until the patient shows signs of myeloma progression.
- **Chemotherapy and Drug Therapys.** Powerful drugs used alone or in various combinations to kill abnormal cells and/or slow their growth, giving normal cells a chance to grow. Some drugs are injected, some are given through a vein (IV) and some are taken by mouth.
- **Radiation therapy.** X-rays or other high-energy rays used to kill myeloma cells.
- **Stem Cell Transplant.** A treatment that replaces cancer cells with healthy cells. Healthy stem cells are collected from the patient before treatment starts, or from a matched donor, and are infused back into the patient after they receive chemotherapy.
- **Treatment to Relieve Symptoms.** Drugs are used to help with anemia and strengthen bones.
- **Clinical Trials.** Careful studies done by doctors to test new drugs or treatments, or test new uses for approved drugs or treatments.

Side Effects Management

A side effect is an unplanned result of treatment, usually something unpleasant or not desirable. Treatment responses vary among patients. Some side effects are mild. Other side effects may be serious and last a long time. Most side effects go away when treatment ends. Talk to your doctor about side effects because they can often be treated.

For additional support and resources,
contact an Information Specialist at
The Leukemia & Lymphoma Society:

800.955.4572

Interpreting services are available upon request.

The request should be communicated to the Information Specialist in English, who can then arrange to have a phone interpreter available during the call.

Ang Myeloma ay isang cancer sa mga plasma cell na makikita sa bone marrow. Patuloy na dumarami ang mga abnormal na plasma cell at bumubuo ng tumor sa bone marrow.

Pag-diagnose sa Myeloma

- Ginagawa ang mga pagsusuri sa dugo at ihi upang maghanap ng protina na ginawa ng mga myeloma cell.
- Isinasagawa ang biopsy at aspiration sa bone marrow na nauugnay sa pag-aalis ng tissue sa buto ng balakang upang hanapin ang mga myeloma cell.
- Isinasagawa ang mga imaging test, kasama ang mga x-ray, computed tomography (CT), magnetic resonance imaging (MRI), at positron emission tomography (PET) upang matukoy ang pagnipis, pagkakaroon ng butas o pagkabali sa buto.

Ang mga pasyenteng may myeloma ay ginagamot ng mga espesyalistang tinatawag na hematologist-oncologist na nakauunawa sa cancer at dugo. May espesyalisasyon sa myeloma ang ilang hematologist-oncologist. Dapat mong isaalang-alang ang pagkuha ng second opinion mula sa isa pang hematologist-oncologist upang matiyak na wasto ang diagnosis at makakakuha ka ng wastong paggamot.

Paggamot sa Myeloma

Maraming opsyon sa paggamot sa myeloma. Ang layunin ng paggamot ay mapabagal ang pagdami ng mga myeloma cell at maibsan ang mga sintomas ng pananakit ng buto, pagkapagod, o iba pang problema. Nakadepende sa uri at stage ng myeloma ng pasyente at sa edad at kabuuang kalusugan niya ang paggamot na makukuha niya. Maaring kasama sa paggamot sa Myeloma ang:

- **Pagbabantay at Paghihintay.** Sinusubaybayan ng mga doktor ang pasyente ngunit hindi nila sinisimulan ang paggamot hanggang sa magpakita ang pasyente ng mga sintomas ng myeloma.
- **Chemotherapy at Therapy Gamit ang Gamot.** Malalakas na gamot na ginagamit nang walang kasabay na ibang gamot o ginagamit sa iba't ibang kumbinasyon upang patayin ang mga abnormal na cell at/o pabagalin ang pagdami ng mga ito, na nagbibigay-daan sa mga normal na cell ng pagkakataong dumami. Itinuturok ang ilang gamot, ang ilan ay ipinapadaan sa ugat (IV), at iniinom naman ang ilan.
- **Radiation Therapy.** Mga x-ray o iba pang ray na mataas ang enerhiya na ginagamit upang patayin ang mga myeloma cell.
- **Paglilipat ng Stem Cell.** Isang paggamot kung saan pinapalitan ng malulusog na cell ang mga cancer cell. Kinokolekta ang malulusog na stem cell mula sa pasyente o mula sa isang katugmang donor bago magsimula ang paggamot at ibinabalik ang mga ito sa katawan ng pasyente pagkatapos niyang makatanggap ng chemotherapy.
- **Paggamot upang Maibsan ang Mga Sintomas.** Gumagamit ng mga gamot upang makatulong sa anemia at mapalakas ang mga buto.
- **Mga Klinikal na Pagsubok.** Maiingat na pag-aaral na ginagawa ng mga doktor upang sumubok ng mga bagong medisina o paggamot, o upang sumubok ng mga bagong paggamit sa mga inaprubahang medisina o paggamot.

Pagkontrol sa Mga Side Effect

Ang side effect ay isang hindi nakaplanong resulta ng paggamot, kadalasan ay isang bagay na hindi kaaya-aya o hindi kanais-nais. Nag-iiba-iba ang mga tugon sa paggamot sa mga pasyente. Hindi gaanong matindi ang ilang side effect. Maaring malala at tumagal ang iba pang side effect. Nawawala ang karamihan sa mga side effect kapag natapos ang paggamot. Kausapin ang iyong doktor tungkol sa mga side effect dahil madalas na nagagamot ang mga ito.

Para sa karagdagang suporta at mapagkukunan, makipag-ugnayan sa isang Information Specialist sa The Leukemia & Lymphoma Society:

800.955.4572

Available ang mga serbisyo sa pagsasaling-wika kapag hiniling ang mga ito.

Dapat ipaalam ang kahilingan sa wikang English sa Information Specialist na maaaring magsaayos ng pagkakaroon ng taga-interpret sa telepono sa panahon ng pagtawag.